

## Papel-Kaalaman 4

# Pagtataguyod ng Pagkakapantay-pantay ng Kasarian at Paggalang

**Marami kang mga bagay na magagawa upang hamunin ang mga paniniwalang nakakapinsala at mahadlangan ang di-angkop at mapang-abusong pag-aasal laban sa kababaihan.**

### **Kabilang dito ang:**

Paglikha ng kamalayan: Ang kakulangan ng impormasyon at maling impormasyon tungkol sa domestic, family and sexual violence (DFSV – karahasan sa tahanan, pamilya at karahasang-sekswal) at ang mga sanhi nito ay lumilikha ng takot at hadlang sa paghingi ng tulong ng mga kababaihan na dumaranas ng karahasan. Ang mga lider ng pananampalataya at komunidad ay makapagsasagawa ng partikular na pagsasanay upang mas mabuting maunawaan ang DFSV at kung paano mababawasan ito. Maisasali mo ang impormasyon mula sa mga papel-kaalaman sa mga newsletter ng komunidad o magbahagi nito bilang mga flyer, magdispley ng mga paskil upang palawakin ang kaalaman ng komunidad; o lumikha ng isang deklarasyon upang malaman ng inyong komunidad ang iyong katayuan tungkol sa pagtataguyod ng paggamit ng mga kalalakihan ng ligtas at magalang na mga pag-aasal sa pakikipagrelasyon at ang karapatan ng mga kababaihan na mamuhay nang walang karahasan at pang-aabuso.

Magkaroon ng talakayan: Lumikha ng mga oportunidad upang pag-usapan ang DFSV at ang kahalagahan ng pagkakapantay-pantay ng kasarian upang mahadlangan ang paggamit ng mga kalalakihan ng karahasan laban sa kababaihan. Ito ay maaaring sa pamamagitan ng isang sermon, mga talakayan sa maliliit na dipormal na grupo, o pag-imbata sa mga dalubhasa upang makipag-usap sa inyong komunidad. Isali ang lahat sa inyong komunidad – mga lalaki, babae at kabataan.

Pag-isipan kung paanong ang tradisyon ng inyong pananampalataya ay nagpapaunlad ng paggalang

at pagkakapantay-pantay ng mga kalalakihan at kababaihan, kung paano nagkakaiba ang mga tungkulin ng mga kababaihan sa kalalakihan, at kung ano pa ang iyong magagawa upang isali ang kababaihan sa paggawa ng desisyon at pamumuno.

Makipag-ugnayan: Lumahok sa mga insiyatibo ng komunidad na nagtataguyod ng paggalang ng mga kalalakihan at kababaihan, kabilang ang taunang Internasyonal na Araw para sa Pag-aalis ng Karahasan Laban sa Kababaihan sa ika-25 ng Nobyembre, at sa kampanyang 16 na Araw ng Pag-aktibista Laban sa Karahasang batay sa Kasarian mula ika-25 Nobyembre hanggang ika-10 ng Disyembre. Maaari mo ring kilalanin ang International Women's Day sa ika-8 ng Marso sa pamamagitan ng pagdiriwang ng mga pag-ambag ng mga kababaihan sa inyong pananampalataya at komunidad.

Gumawa ng Aksyon: Itaguyod ang pagkakapantay-pantay ng kasarian sa pamamagitan ng paggawa ng mga pagbabago sa inyong komunidad upang hikayatin ang pagkakapantay-pantay at paggalang sa mga kababaihan.

Maaaring kabilangan ito ng paglikha ng plano o panggrupong aksyon tungkol sa pagkakapantay-pantay ng kasarian/paghadlang sa karahasan laban sa kababaihan; paghikayat sa kabataang babae na makilahok sa pamunuan; at pagbibigay ng pagsasanay para sa mga bagong pinuno.

Bumuo ng pagsasamahan at pagtataguyod para sa pagbabago: Ang pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa ibang mga grupong pangkomunidad, mga network at mga komunidad ng pananampalataya, ay tutulong sa iyo na matutunan at mapagtibay ang iyong gawain upang mahadlangan ang DFSV. Ito ay makakapagbigay din ng mga oportunidad upang iugnay ang mga miyembro ng inyong pananampalataya at komunidad sa mga serbisyong pangkaligtasan, at mahihikayat silang humingi ng tulong at suporta.

## Mga Mapagkukunan ng DFSV

May isang hanay ng mga mapagkukunan na iyong makukuha upang tulungan kang kumilala at humamon sa pag-aasal na marahas at mapang-abuso. Kabilang dito ang:

1800 RESPECT – National Sexual Assault, Domestic Family Violence Counselling Service (Pambansang Serbisyo ng Pagpapayo sa Pag-atakung-Sekswal, Karahasan sa Tahanan, Pamilya)

[Information about DFSV in different languages](#)

Anglican Diocese Melbourne  
[Preventing Violence Against Women Program](#)

AMES Prevention of Violence Against Women Leadership Project (Proyektong Pamunuan ng AMES na Panghadlang sa Karahasan Laban sa Kababaihan)

[Challenging Everyday Sexism – Part 1 and 2](#)

Challenge Family Violence Project (Proyektong Paghamon sa Karahasan sa Pamilya)  
[Promoting Equality and Respect: An interfaith collaboration on preventing family violence](#)

Church of Scotland – Integrity Strategy (Istratehiya ng Integridad)  
[Working to end violence against women](#)  
[Resources for tackling violence against women](#)

Faith Communities Addressing Violence Against Women and Family Violence – What Works: (Mga Komunidad ng Pananampalataya na Tumatalakay sa Karahasan Laban sa Kababaihan at Karahasan sa Pamilya– Ano ang Gumagana)  
[Key Tips for Effective Prevention in Faith Settings](#)  
University of Melbourne and Multicultural Centre for Women’s Health

InTouch Multicultural Centre Against Family Violence (Ang In Touch Multicultural Centre Laban sa Karahasan sa Pamilya)  
[Empowering Faith and Community Leaders to Prevent Violence Against Women](#)

Our Watch – [Let’s change the story: Violence against women in Australia](#)

Our Watch – [Prevention Practitioner Guide](#) (may mga halimbawa na batay sa pananampalataya)

Our Watch – [What Drives Violence Against Women?](#)

Promoting Equal and Respectful Relationships in Faith Communities (Pagtataguyod ng Pantay-pantay na Pakikipagrelasyon at May Paggalang sa mga Komunidad ng Pananampalataya) [Manual and toolkit](#)

SASA! Faith  
[A Guide for Faith Communities to Prevent Violence Against Women and HIV](#)

Trocaire and Raising Voices

The Man Box: A study on being a young man in Australia (The Man Box: isang pagsusuri tungkol sa isang kabataang lalaki sa Australya)

[The Men’s Project – Jesuit Social Services](#)

White Ribbon Australia [resources](#)

May magagampanan kang mahalagang papel sa paghadlang at pagtalakay sa DFSV at pagpapanatiling ligtas ng mga kababaihan at mga bata.

Ang karagdagang impormasyon ay makukuha sa 1800RESPECT (1800 737 732) o [www.1800RESPECT.org.au](http://www.1800RESPECT.org.au)

**Sa isang emerhensya o kung may isang tao na nasa panganib, tumawag sa 000 kaagad.**

Ito ay isa sa 4 na mga Papel-Kaalaman tungkol sa DFSV. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng kasarian at paggalang ay makukuha sa Papel-Kaalaman 3. Upang malaman ang higit pa tungkol sa pagkilala at pagtugon sa DFSV, tingnan ang Papel-Kaalaman 1 at 2.



Government of South Australia



MCCSA  
Multicultural Communities Council of South Australia



Women’s Safety Services SA

**BREAK  
THE  
CYCLE**  
OF DOMESTIC ABUSE